H
E
K
A
S
I

5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# REAKSYON NG MGA PILIPINO SA KRISTIYANISMO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE V

# REAKSYON NG MGA PILIPINO SA KRISTIYANISMO



## ALAMIN MO

Ang isang dahilan kung bakit sinakop ng mga Espanyol ang ating bansa ay upang palaganapin ang pananampalatayang Kristiyanismo. Ginamit nila ang “Krus at Espada” upang matupad ang kanilang layunin. Ang krus ay sumasagisag sa pagpapalaganap ng relihiyon at ang espada ay sa pananakop at pagpapalawak ng lupain at kolonya ng Espanya. Ano kaya ang reaksiyon ng mga katutubong Pilipino sa Kristiyanismo, mabuti o masama?

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahang mabibigyang-katwiran mo ang mga naging reaksiyon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo sa pamamagitan ng sektang Romano Katoliko. Basahing mabuti ang mga teksto at sagutin ang mga gawain. Sumunod nang mabuti sa mga panuto.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Naaalala mo pa ba kung paano pinalaganap ng mga Espanyol ang Kristiyanismo sa Pilipinas? Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa kuwaderno ang mga sagot.

1. Paano nagtulungan ang mga Espanyol sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa Pilipinas?
2. Sinong Espanyol na namuno sa isang ekspedisyon ang pinakamaraming nasakupan na lugar sa Pilipinas?
3. Aling orden ng misyonero ang unang dumating sa Pilipinas ?
4. Sino ang pinakamakapangyarihan sa mga prayle? Bakit?
5. Paano nagiging kasapi sa simbahan ang isang katutubo?



## PAG-ARALAN MO

Balikan natin ang nangyari sa Cebu noong 1521 nang dumating si Ferdinand Magellan. Sina Raha Humabon at ang kanyang asawang si Juana ay nagpabinyag sa Katolisismo kay Padre Valderama. Maraming katutubo ang nagpabinyag at maluwag na tinanggap ang mga aral, at paniniwala ng Katolisismo nang dumating sina Miguel Lopez de Legazpi at Padre Andres de Urdaneta. Kasabay ng paglaganap ng relihiyong Katolisismo ang pagtatag naman ng pamahalaan hanggang sa lumawak ang mga lupaing nasasakupan ng mga Espanyol.

Nang lumaon, may mga Pilipinong Kristiyano na namuno sa mga pag-aalsang panrelihiyon. Iba-iba ang dahilan ng kanilang pag-aalsa.

Noong 1621, hinikayat ni Tamblot, na isang babaylan, ang mga katutubo ng Bohol na manumbalik sa dati nilang paniniwala.

Sina Bankaw, datu ng Limasawa at Pagali, isang babaylan, ay tumalikod sa Kristiyanismo upang manumbalik sa dati nilang pananampalataya. Maraming katutubo ng Leyte ang nakumbinsi nila.

Noong 1625, hinikayat naman nina Miguel Lanab ng Cagayan at Alababan ng Apayao ang mga *Itneg* na bumalik sa bundok at doon nila ipagpapatuloy ang kanilang kinagisnang pananampalataya. Sinunog nila ang mga simbahan at kinuha ang maaari nilang gamitin.

Pinamunuan ni Tapar sa Oton, Iloilo noong 1663 ang pakikipaglaban. Nais ni Tapar na magtatag ng bagong relihiyon batay sa Kristiyanismo ngunit tinutulan ito ng mga prayle.

Pinamunuan naman ni Francisco Dagohoy, na isang *cabeza de barangay* ang pinakamahabang pag-aalsa sa Pilipinas dahil tumanggi ang prayle na bigyan ng Kristiyanong libing ang kanyang kapatid na namatay sa duwelo. Nagsimula ang pag-aalsa noong 1744 at nagtapos noong 1829.

Sa lalawigan ng Quezon, noong 1841, itinatag ni Apolinario de la Cruz na kilala sa tawag na *Hermano Pule* ang *Cofradia de San Jose .* Bilang isang debotong Katoliko, nais ni Hermano Pule na maging pari ngunit siya ay tinanggihan dahil sa siya'y isang *indio.* Dahil dito, itinatag niya ang nasabing samahan at maraming nahikayat na sumapi dito.



May mga Pilipino rin na tahimik na bumalik sa dating paniniwala.

Ang mga Muslim at Ifugao ay hindi nahikayat ng mga pari sa pagiging Katoliko. Matatag ang mga Muslim at hindi nila ipinagpalit ang Islam. Ang mga Ifugao naman ay nagpakalayu-layo upang hindi marating ng pari.

Ang mga Pilipinong nakatira sa liblib na pook tulad ng Negrito at Igorot ay hindi narating ng mga pari dahil wala silang paraan upang makipagtalastasan.

Apat ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa pagtatatag ng Katolisismo sa Pilipinas : (1) Sumampalataya nang lubos, (2) Nag-alsa, (3) Tahimik na bumalik sa dating pananampalataya, at, (4) Nagpakalayu-layo para hindi marating ng mga pari.

## PAGSANAYAN MO

A. Gumawa ng tsart tulad ng nasa ibaba sa iyong kuwaderno. Punan ng mga datos na kinakailangan. Sa ikalawang hanay, isulat ang dahilan ng pag-aalsa at sa ikatlong hanay isulat ang katwiran kung sang-ayon ka o hindi sang-ayon.

| Taong Nag-alsa | Dahilan | Katwiran |
|---|---|---|
| 1. Tamblot | | |
| 2. Bankaw | | |
| 3. Lanab | | |
| 4. Tapar | | |
| 5. Dagohoy | | |
| 6. Apolinario de la Cruz | | |

B. Sagutin mo sa iyong kuwaderno ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit iba-iba ang naging pananaw ng mga Pilipino sa Katolisismo?
2. Bakit nag-alsa ang ilang Kristiyanong Pilipino?
3. Bakit hindi narating ng mga Espanyol ang ibang lugar tulad ng Cordillera?

## TANDAAN MO

- Iba-iba ang reaksiyon ng mga katutubo sa Kristiyanismo o Katolisismo:
  - May mga nagsipag-alsa nang hindi masiyahan sa ginawa ng pari.
  - May sumampalataya.
  - May mga tahimik na bumalik sa dating paniniwala.

## ISAPUSO MO

Bilang isang mag-aaral, paano mo ipinakikita ang iyong pananampalataya sa iyong relihiyon? Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

## GAWIN MO

Sa inyong pamilya, lahat ba kayo ay kasapi sa iisang relihiyon? Kung ang sagot mo ay OO, itala ang mga paniniwala, gawi o aral ng inyong relihiyon na sinusunod ng buong mag-anak.

Kung ang sagot mo naman ay HINDI, kanino ka sumasama? Bakit? Itala ang mga paniniwala, gawi o aral ng inyong relihiyon na sinusunod mo.



## PAGTATAYA

Isulat sa kuwaderno ang titik ng wastong sagot.

1. Sino ang kauna-unahang Pilipino na nagpabinyag sa Katolisismo?
    A. Diego at Gabriela
    B. Carlos at Juana
    C. Andres at Gregoria
    D. Felipe at Maria
2. Sino ang nag-alsa nang hindi binigyan ng pagkakataon na maging pari?
    A. Tamblot
    B. Hermano Pule
    C. Dagohoy
    D. Bangkaw
3. Sino ang nag-alsa nang hindi binigyan ng Kristiyanong libing ang kapatid?
    A. Dagohoy
    B. Bangkaw
    C. Tamblot
    D. Hermano Pule
4. Bakit hindi nahimok sa Katolisismo ang mga taga-Cordillera?
    A. Malayo ang mga bayan sa Cordillera
    B. Lubos na binabantayan ng mga katutubo para walang makapasok.
    C. Magaling makipaglaban
    D. Marami silang guwardia
5. Sino ang nag-alsa nang hindi siya pinayagan na magtayo ng bagong relihiyon?
    A. Pagali
    B. Tapar
    C. Miguel Lanab
    D. Alababan



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Tanungin ang mga kamag-anak o kasambahay tungkol sa mga paniniwala, gawi, o aral ng inyong relihiyon na hindi ninyo ginagawa o sinusunod.

Magbigay ng katuwiran kung bakit.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.